

MGA TUNTUNIN SA PAGKUMPLETO NG CLAIM FORM

Matatagalán ang pagproseso at maaaring ibalik o tanggihan ang iyong claim,
kung hindi kumpleto ang laman ng lahat ng bahagi nitong Claim form.

- Claimant's Name, Address, Telephone and Email-Pangalan, Tirahan, Telepono at Email ng Claimant-** Ibigay ang buong pangalan, mailing address, numero ng telepono at email address ng taong may claim na nasaktan o napinsala o nawalan. Kung ikaw ay kumpanya ng seguro na nagsusumite ng subrogation claim, ipakibigay ang pangalan ng taong nakaseguro at kung sino ang insurer.
- Official Notices and Correspondence-Mga Opisyal na Abiso at Sulat-**Ibigay ang pangalan, mailing address, at mga numero ng telepono ng tao kung kanino ipapadala ang lahat ng mga abisong opisyal at iba pang mga sulat, kung nailiba sa may-claim. Itong opisyal na kontakt ay maaaring ang claimant na rin o kinatawan ng claimant. Kung may laman ang bahaging ito, lahat ng mga opisyal na abiso at sulat ay ipadadala sa taong nakalista.
- Date of Birth-Araw ng Kapanganakan.** Iilagáy ang fecha ng kapanganakan ng claimant, kasama ang buwan, araw at taon.
- Social Security Number-**Ilagay ang social security number ng claimant. Hinihiling ng Gobyernong Federal sa Lungsod na iulat ang mga settlement ng mga kasalukuyan o hinaharap na alagang pangkalusugan. Mananatiling kumpidensyal ang impormasyong ito at ibabahagi lamang sa Gobyernong Pederal. Kung wala ang impormasyong ito, hindi mapoproseso ng Lungsod ang pagbabayad.
- Date of Incident-Fecha ng Insidente-**Iilagáy ang eksaktong buwan, araw at taon ng pangyayari na pinagmulan nitong claim.
- Time of Incident-Oras ng Insidente-**Iilagáy ang eksaktong oras, kasama ang A.M. o P.M. ng pangyayaring pinagmulan nitong claim.
- Location of Incident of Accident-Saan Nangyari ang Aksidente-**Ilagay ang lungsod at eksaktong address ng kalye o intersection kung saan nangyari ang insidente.
- Claimant Vehicle License Plate Number-Numero ng Plaka ng Lisensya ng Sasakyan ng Claimant** Ipakibigay ang número ng plaka ng lisensya ng sasakyán ng claimant o kung saan pasahero ang claimant.
- Basis of Claim-Batayan ng Claim.** Iilagáy na may detalye ang mga datos na nagpapatibay sa iyong claim, kasama ang lahat ng datos ng nangyari, lahat ng mga nasaktan, pinsala sa ari-arian, lahat ng tao, bagay, pag-aari at departamento ng Lungsod na nasangkot, at kung bakit sa iyong palagay ang Lungsod ang may pananagutan sa nasabing nasaktan, pinsala o pagkawala. Sa mga tamang kahon, ilagay ang pangalan, numero ng I.D. at departamento ng empleyado ng Lungsod, na ipinapalagay na may kagagawan sa pananakit o pinsala sa pag-aari. Kung ito ay tungkol sa aksidente ng bus o light rail vehicle, ipakibigay ang linya at numero ng sasakyan.
- Description of Injury, Property Damage or Loss- Paglalarawan ng Nasaktan, Pinasala o Pagkawala ng Pag-aari.** Ibigáy ang buong detalye na naglalarawan sa pinsala, pagkasira o pagkawala na ipinapalagay ng naging resulta ng insidente. Kung sangkot ang sasakyan ng claimant, ipakibigay ang make, model, mileage at taon.
- Amount of Loss and Method of Computation-Halaga ng Nawala at Paraan ng Kalkulasyon.** Ibigay ang buong halaga ng pera ng iyong claim sa mga nasira. Magbigay ng detalye ng bawat bagay na nasira at kung paano ito kinalkula. Maaaring isama ang inaasahang gastusin o loss. Ipakilakip ang kopya ng mga bill, resibo at estimate ng pagkumpuni. Kung kasama sa claim ang pagkasira ng ari-arian, ipakisama ang dalawang estimate ng pagkumpuni. Hinihiling ng Government Code na kung ang claim is mas mababa sa \$10,000, ang claimant ay dapat magbigay ng buong halaga ng claim at ang batayan ng kalkulasyon. Kung sobra sa \$10,000 ang claim, hindi kailangang magbigay ng halaga, pero kailangang ilagay ng claimant ang naaangkop na court jurisdiction. Kung mas mababa sa \$35,000, ilagay na limited civil jurisdiction; kung mas malaki sa \$35,000, ilagay na unlimited civil court jurisdiction.
- Witnesses-Mga testigo.** Ibigáy ang pangalan, tirahan at numero ng telepono ng mga taong nakakita sa nangyari. Idugtung ang listahan ng mga karagdagang pangalan, kung kailangan.
- Signature of Claimant or Representative-Pirma ng Claimant o Kinatawan.** Pakipirmahan at ilagay ang fecha. Isulat sa malalaking letra ang pangalan at ugnayan sa claimant. Kailangang pirmahan ng claimant o ng opisyal na kinatawan ng claimant. Dapat i-sumite ang mga claim tungkol sa may namatay o nasaktan o napinsala ang pag-aari sa loob ng anim na buwan matapos ang pangyayari na pinagmulan ng claim. Lahat ng ibang claim ay dapat i-sumite sa loob ng isang taon matapos ang pangyayari na pinagmulan ng claim. Maaaring asikasuhin ang iyong claim sa personal sa loob ng mga oras ng opisina, Lunes hanggang Biyernes (puwera ang mga holiday ng County). Kung gusto mo na ibalik sa iyo ang kopya ng claim na may timestamp, maari lamang na magbigay ng orihinal at kopya ng claim, at maglakip ng sobrang mayroong selyo.

Pakitawagan ang tamang numero sa ibaba, para malaman ang status ng iyong claim:

WATER DEPARTMENT	554-3900	PORT OF SAN FRANCISCO	554-3900	PUC SEWER	554-3900
MUNICIPAL RAILWAY	554-3900	S.F. INTERNATIONAL AIRPORT	(650) 821-5073	DEPT. OF PUBLIC WORKS	554-3900
OTHER DEPARTMENTS	554-3900	CONTROLLER'S CLAIM DIVISION	554-3833	DEPT. OF BLDG. INSPECTION	554-3900

Hindi tinatanggap ang mga claim tungkol sa mga sumusunod na ahensya:

- HOUSING AUTHORITY 1815 Egbert Avenue, S.F., CA 94124 (415) 715-3280
- SAN FRANCISCO UNIFIED SCHOOL DISTRICT 555 Franklin Street, 2nd Fl, S.F., CA, 94102 (415) 241-6000
- SAN FRANCISCO COMMUNITY COLLEGE DISTRICT 50 Frida Kahlo Way, S.F., CA 94112 (415) 239-3556